



PATNUBAY SA MISA



16 Disyembre 2017

SIMBANG GABI – Unang Araw

Taon B

Buksan ang Ating mga Puso sa Panginoon!

Minsan pang tinitipon tayo ng ating tradisyon ng Simbang Gabi. Sa unang araw na ito ng ating Nobenang Pamasko, nais nating sabihin kay Hesus kung gaano natin siya kailangan sa piling natin at nananabik tayo sa kanyang pagdating.

Ang mga dekorasyon sa ating paligid, ang mga awitan, at ang mga ngiti ay lumilikha ng masayang himig ng pananabik. Ngunit ang pinakamahalaga ay ang ating mga saloobin – ang hangad nating tanggapin si Hesus at gawin siyang sentro ng ating buhay: ang pangakong siya’y mahal in sa salita at sa gawa.

Ipinagdiriwang din natin ngayon ang pagwawakas ng Pambansang Taon ng mga Kabataan. Ipanalangin natin ang lahat ng mga kabataan: Nawa’y makadaupang palad nila si Kristo sa higit na malalim na paraan at sila nawa ay maging mga pangunahing tagapagtaguyod ng “Bagong Pagpapahayag ng Ebanghelyo.”

Sa Eukaristiyang ito, idalangin din natin sa Panginoon ang biyaya ng matiyaga’t mabungang pagdalo hanggang sa katapusan ng Nobenang ito. Nawa mag-ibayo pa ang pananabik ng ating mga puso sa pagtanggap sa Panginoon sa ating piling.



PASIMULA



Pambungad

(Ipahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Ang Poon nating marangal ay darating at dadalaw magmula sa kalangitan at sa ati’y magbibigay ng kapayapaan’t buhay.

Pagbati

P–Ang Panginoon ng kapayapaan, pag-ibig, at pag-asa ay sumainyong lahat.

B – At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Sa pagsisimula natin ng mga Misa sa nobena bilang paghahanda para sa Pasko, hilingin natin sa Panginoong linisin ang ating mga puso at ihanda ang mga ito para sa pagtanggap sa kanya. (*Manahimik sandali.*)

P–Panginoong Hesus, ikaw ang dahilan ng aming pag-asa, kapayapaan, at kagalakan.

B –Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Panginoong Hesus, naparito ka upang tupdin ang mga pangako ng mga propeta ng matandang panahon. Kristo, kaawaan mo kami!

B –**Kristo, kaawaan mo kami!**

P–Panginoong Hesus, ipinagkasundo mo kami sa Ama at sa isa’t isa. Panginoon, kaawaan mo kami!

B –**Panginoon, kaawaan mo kami!**

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B –**Amen!**

Papuri

B– Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa’y kapayapaan sa mga taong kinalalugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarangal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamatan ka namin dahil sa dakila mong angking kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat.

Panginoong Hesukristo, Bug-

tong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sa-pagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen!

Panalanging Pambungad

P– Ama naming makapangyarihan, ang maibigin mong paglinggap ay siya nawang mauna at sumubaybay sa amin upang manatili kaming nananabik sa pagdating ng iyong Anak. Makamtan nawa namin ang iyong pagtataguyod araw-araw at ang kaganapan ng lahat ng ito sa piling mo kailanman sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B –**Amen!**

**PAGPAPAHAYAG NG
SALITA NG DIYOS**



Unang Pagbasa *Isa 56:1-3,6-8*
May planong pangkaligtasan ang Diyos na para rin sa mga Judío at mga pagano. Ngunit sa ikatutupad ng ganitong plano, ang pangunahing kundisyon para sa lahat ay “sumunod sa tama at gawin ang nararapat.”

L—Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Isaias

Ang sabi ng Panginoon sa kanyang bayan: “Ayon sa katarungan at laging matuwid ang inyong gagawin. Ang pagliligtas ko’y di na magluluwat, ito ay darating, ito’y mahahayag sa inyong paningin. Mapalad ang taong gumagawa nito, ang anak ng taong ang tuntuni’y ito. Ginaganap niya ang marapat gawin sa Araw ng Pamamahinga, sa gawang masama, ang kanyang sarili’y iniwas. Di dapat sabihin ng isang dayuhang nakipagkaisa sa bayan ng Diyos, na siya’y hindi papayagan ng Panginoon na makisama sa pagsamba ng kanyang bayan.”

Ito naman ang sabi ng Panginoon sa mga dating dayuhan na ngayo’y kabilang sa kanyang bayan, buong pusong naglilingkod sa kanya, nangingilin sa Araw ng Pamamahinga; at matapat na nag-iingat sa kanyang tipan: “Dadalhin ko kayo sa Sion, sa aking banal na bundok. Ipadarama ko sa inyo ang kagalakan sa aking Templo. Tatanggapin ko ang inyong mga handog, at ang Templo ko’y tatawaging bahay-dalanganin ng lahat ng bansa.” Ipinangako pa ng Panginoon, sa mga Israelitang ibinalik niya mula sa pagkatapon, na marami pa siyang isasama sa kanila para mapabilang sa kanyang bayan.

Ang Salita ng Diyos!

B—Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Awit 66*

B—*Nawa’y magpuri sa iyo ang lahat ng mga tao!*

R. M. Velez

Na-wa'y mag-pu-ri sa 'yo ang
 la---hat ng ma-nga ta---o!

* O Diyos, pagpalain kami't kaha-bagan, kami Panginoon'y iyong kaa-waan upang sa daigdig mabatid ng lahat ang iyong kalooban at ang pagliligtas. *B.*

* Nawa'y purihin ka ng mga nilikha, pagkat matuwid kang humatol sa madla; ikaw ang patnubay ng lahat ng bansa. *B.*

* Nag-aning mabuti ang mga lupain, pinagpala kami ng Poon, Diyos namin! Ang lahat sa ami'y iyong pinagpala, nawa'y igalang ka ng lahat ng bansa. *B.*

Aleluya

B—Aleluya! Aleluya!

Halina't kami'y dalawin. Kapayapaan mo'y dalhin upang umiral sa amin.

Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Jn 5:33-36*

Si Hesus ang ipinangakong Mesiyas na isinugo ng Ama. Saksi't patunay rito si Juan Bautista at ang mga milagrang ginawa ni Hesus.

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Juan

B—*Papuri sa iyo, Panginoon!*

Noong panahong iyon, sinabi ni Hesus sa mga Judío, “Nagpasugo kayo kay Juan, at nagpatotoo siya tungkol sa katotohanan. Hindi sa kailangan ko ang patotoo ng tao; sinasabi ko lamang ito para maligtas kayo. Si Juan ay parang maningas na ilaw na nagliliwanag noon, at kayo’y sandaling nasiyahan sa kanyang liwanag. Ngunit may patotoo tungkol sa akin na higit sa patotoo ni Juan: ang mga gawang ipinagagawa sa akin ng Ama, at siya ko namang ginaganap—iyan ang nagpapatotoo na ako’y sinugo niya.”

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B—*Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!*

Homiliya

Panalangin ng Bayan

P—Sa pagsisimula ng Simbang Gabi, idulog natin ang ating mga kahilingan sa Panginoon nang may mga pusong puspos ng pag-asa at pagtitiwala habang sinasabi nating:

B—*Halina, Panginoong Hesus, kailangan ka namin!*

* Para sa Simbahang panlahat: Nawa matugunan niya ang panawagan ng Panginoon para sa pagbabago alinsunod sa ilaw ng Ebanghelyo upang maging inspirasyon sa sangkatauhan. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa Santo Papa, ating Obispo, at lahat ng mga pinunong espirituwal: Nawa, tulad ng mga propeta noong araw, maipaalaala nila sa atin ang mga tunay na dapat pahalagahan. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa lahat ng Pilipinong nasa ibang bansa: Nawa ipagdiwang nila ang ganitong Nobena nang kasintaimtim ng kung sila’y narito sa sariling bayan. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa lahat ng walang trabaho, walang tirahan, maysakit o nagdurusa: Nawa pukawin sa kanilang pagsisimula ng Simbang Gabi ang matibay na pag-asa para sa magandang pagbabago. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa mga Pilipinong maganak, lalo na ang nahaharap sa iba’t ibang pagsubok: Nawa ang Nobenang Pamaskong ito’y maging bukal ng paggaling at pagpapalakas. Manalangin tayo! *B.*

* Para sa ating mga kabataan: Nawa’y hindi sila maakit ng mga bagay na makamundo, sa halip ay pagsikapan nilang hanapin ang Panginoon ng buong puso upang sa bawat gawain sila ay gabayan ng katanungang: “Kung si Hesus ang nasa kalagayan ko, ano ang kanyang gagawin?” Manalangin tayo! *B.*

* Para sa ating pamayanan: Nawa ang Nobenang ito’y maging isang pagkakataong lalong mapalapit sa Panginoon at muling magpahalaga sa ating pananam-palataya. Manalangin tayo! *B.*

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga sariling kahilingan. (*Tumigil sandali.*)

Manalangin tayo! *B.*

P—Panginoong Hesus, itulot mong ang Simbang Gabing ito’y maging panahon ng taimtim na pagbabagong espirituwal. Nawa masakap kaming makapaghanda para sa pagdiriwang ng iyong kaarawan. Ikaw na nabubuhay at naghahari magpakailanman.

B—*Amen!*

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P– Manalangin kayo . . .
B– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P– Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang aming mga panalangin at alay. Sa anumang kakulangan ng aming abang nakayanan nawa’y ang pag-ibig mo ang magbigay-kapupunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

Prepasyo ng Adbiyento I

P– Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya’y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya’y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating ang pakikisama niya’y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B– Santo, santo, santo . . .

Pagbubunyi

B– Aming ipinahahayag na matay ang ‘yong Anak, nabuhay bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B– Ama Namin . . .

P– Hinihiling namin . . .

B– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2x)

Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.

Paanyaya sa Pakikinabang

P– Ito ang Panginoong Hesus, ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B– Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Atin ngayong hinihintay si Hesus na Poong mahal. Ang aba nating katawan ay kanyang bibigyang dangal gaya ng kanyang karikitan.

Panalangin Pagkapakinabang

P– Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa iyong banal na salu-salo ay turuan mong kumilala sa layunin ng iyong mga nilikhang bagay na dapat naming gamitin upang kami ay sumapit sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B– Amen!

PAGWAWAKAS



P– Sumainyo ang Panginoon.

B– At sumaiyo rin!

P– Magsiyuko kayo habang iginagawad ang pagbabasbas. *(Tumahimik sandali.)*

Nagsasaya kayo sa nalalapit na paggunita sa pagsilang ni Kristo. Sa kanyang maluwahating pagbabalik, gantimpalaan nawa niya kayo ng buhay na walang hanggan.

B– Amen!

P– Itulot nawa ng Diyos na tumibay ang inyong pananalig, maging malugod sa pag-asa, at walang sawa sa pagmamahal.

B– Amen!

P– Pagpalain nawa kayo ng Diyos sa inyong sakripisyong dumalo sa unang araw ng ating Simbang Gabi. Nawa tulutan Niyang magpatuloy kayo hanggang sa katapusan.

B– Amen!

P– Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B– Amen!

P– Humayo kayo at ihatid ang kapayapaan ni Kristo sa inyong mag-anak at inyong kapwa.


B– Salamat sa Diyos!

Ang inyong kasa-kasama sa pagdarasal

My Pocket Prayer Book

Mayaman sa mga:

- pang-araw-araw na panalangin,
- Debosyon
(Ina ng Laging Saktulo, Mahal na Puso ni Hesus, Daan ng Krus),
- Santo Rosaryo, at
- gabay sa pangungumpisal



*Mura na, Magaan pang dalhin
Magandang panregalo ngayong Pasko!*

Mayroon ding bersiyong Tagalog!
Mabibili sa
Word & Life Bookstore sa Makati.

Si Hesus, Ang "Puso" ng Simbang Gabi

Mag-iisang buwan na ang himig Pasko sa matin, at sa mga huling nakaraang araw, lalo pa natin itong nararamdaman. Nariyan ang mga dekorasyong pamasko sa halos kahit saan: sa mga mall, supermarket, paaralan, mga tanggapan, kalye, tahanan, at mga simbahan. Naririnig na rin natin ang mga *Christmas carols* sa halos ano mang oras sa maghapon.

Ang ganitong pangingibabaw ng himig Pasko ay nakapagpapabago at nakaaantig sa mga tao. Lalo silang nagiging "compulsiveshoppers" at "franticcommunicators" sa kanilang pagmamadaling magpadala ng mga pagbati sa koreo at sa internet. Punuan din ang mga simbahan at kapilyang pinupuntahan ng di gayon karaming tao sa mga karaniwang araw ng taon Ganyan sa Pilipinas taun-taon. Bahagi na wari ito ng ating kultura, at ang taong ito'y di naiiba, sa kabila ng mabibigat na krisis natin sa ekonomiya.

Di maiiwasan ang ganitong tanong: Gaano sa mga ganitong pinagkakaabalahan ay tunay, at gaano rin naman ang "palabas" lamang? Gaano ang taos sa puso? Gaano ang tumitigil sa bulsa o nanggagaling sa kagustuhang tumulad lamang sa iba nang di naman talagang tumatagos sa "ubod" ng tunay na diwa ng pamaskong nobena?

May panganib na makaligtaan ng maraming Kristiyano ang tunay na diwa ng paghahanda para sa Pasko. Para sa karamihan, maaari itong walang iniwan sa nagaganap noon sa Palestina nang magsimula si Juan Bautista sa kanyang misyon sa may Ilog Jordan. Iba't ibang uri ng tao ang sabik na sabik na lumapit sa kanya. Marami ang nagpabinyag nang wala namang naging pagbabago sa kanilang buhay. **Sinubok ni Hesus na pagnilayan ng mga tao kung sino talaga si Juan at kung ano ang kahulugan ng kanyang sinasabi at ginagawa.** "Si Juan ay nagbigay-saksi sa katotohanan . . . siya'y isang maalab at maliwanag na ilawan." (Sangguniin ang *Ebanghelyo para ngayon*.) Layunin ng pagpapahayag ni Juan na ipakilala si Hesus sa mga tao. Si Juan ang ilawang handang malimot at isantabi sa sandaling dumating ang Ilaw ng Katarungan – ang Mesiyas. Ilan na ang nakauunawa rito?

Ano ang kahulugan at mensahe ng ating ginagawa sa panahong ito bago mag-Pasko? Ito ba'y isa lamang tradisyon? Ito ba'y pakikiuso lamang, o kagustuhan lamang nating magsama-sama sa pagdiriwang?

Sa gitna ng maraming dekorasyon, kantahan, pamimili, at pagtitinda . . . at maging sa siksikan sa mga simbahan at mga patio nito, nanganganib tayong "maligaw." **Dapat nating tandaang ang "ubod" ng lahat ay si HESUKRISTO** – ang kanyang Pagsilang, kanyang Pagkatao, at kanyang misyong ipahayag sa atin ang pagmamahal ng Ama at ipagkaloob sa atin ang Espiritu Santo. **Naparirito siya alang-alang sa atin: upang tayo'y iligtas at isama sa langit.** Ito ang tunay na nararapat sa ating lahat. Ang iba'y paghahanda o dekorasyon lamang.

Jess P. Balon

Munting Kaalaman sa Adbiyento/Pasko

Ang Koronang Pang-adbiyento

Ang koronang pang-Adbiyento na ginagamit sa ating mga simbahan at mga tahanan ay nagsimula sa Hilagang Europa may ilang siglo na ang nakalilipas. Ito ay mayaman sa kahulugan. Yari ito sa sari-saring dahong tulad ng *pino* at *laurel*, na may kasama pang iba't ibang lamang buto. Bukod dito'y mayroon ding **apat na kandila: tatlong murado o kulay-ube at isang kulay-rosas.**

Bawat sangkap ng korona ay may sariling kahulugan. Ang hugis nitong bilog ng mga dahon ay sumasagisag sa pagiging walang hanggan ng Diyos at sa bagong buhay na hatid ni Hesuskristo. Ang apat na kandila naman ay tumatayo para sa apat na linggo ng Adbiyento. Ang tatlong murado o kulay-ube ay sumasagisag sa mga pagsasakripisyo sa panahon ng paghihintay, mga dasal, at paggawa ng kabutihan sa panahong ito. Ang kandilang kulay-rosas naman ay sumasagisag sa kagalakan ng Ikatlong Linggo ng Adbiyento, palibhasa nakahihigit na sa kalahati ang ating paghihintay sa pagdating ng Mesiyas. Ang sunud-sunod na pag-iilaw sa kandila (isang bagong kandila sa bawat Linggo) ay sumasagisag sa muling pagpapasigla sa paghihintay, pananabik, at pag-asa noong unang dumating ang ating Panginoon, gayon din ang ating tuwinang paghahanda sa kanyang ikalawang pagdating.

Sa mga tahananang may koronang pang-Adbiyento, may tanging panalanging dinadasal sa pamumuno ng ama ng tahanan bago ilawan ang bawat bagong kandila, na karaniwang ginagampanan ng pinakabunso sa mag-anak.

Sa ilang lugar, sa bisperas ng Pasko, iniilawan sa gitna ng korona ang isang puting kandilang sumasagisag kay Hesuskristo. Kung minsan naman, sa halip ng apat na kandilang may kulay, apat na puting kandila ang iniilawan (na pansagisag kay Hesus) sa unang pagkakataon sa Misa sa Hatinggabi, at sa bawat araw ng Kapaskuhan. Sa puntong ito, ang "koronang pang-Adbiyento" ay siya nang naging "koronang pamasko" na may angking tiyak na "katuparan" sa halip na paghihintay.



**WORD & LIFE
PUBLICATIONS**

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org, wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, C. Valmonte, G. Ramos, V. David, J. Domingo, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Circulation: R. Saldua